Iyan lamang po ang aking maire-report, Mr. President. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Año.

As you would see, makita naman ninyo that we continue to suffer the drug problem. Hindi ito matatapos kasi sabi ko iyong — the lure of billions ang nakukuha ng mga negosyante nito. Mga trafficking with drug lords.

I hope that huwag lang sanang magsali uli itong mga — hindi naman ako nagwa-warning kasi paalis na ako. Ang pakiusap ko lang iyong mga mayors to be true to — the governors and all of the officials especially those elected by the people — do not violate the trust that the people has reposed on us kasi lalo na 'yung sa droga.

Mahirap. Noon nga sabi ko milyon-milyon; ngayon, bilyon-bilyon na. Ang market nito is... Kaya ito talaga, it has to be a war. Hindi ito sabihin mo special operation ng pulis o military.

It cannot be because this is — this thing is a very sinister and virulent activity that would affect the life of a nation. Mahirap ito. Alam ninyo 'yan.

At ako noong na-Presidente nga ako ngayon — hanggang ngayon, hindi talaga ako papayag na... Tsk. Ang alam lang kasi ninyo, if you are not — if there is no interdiction by government iyong mga ano, mag — mahuli kayo tapos o makalusot kayo once, twice, thrice, and you continue I said to — ewan ko kung anong tawag ng...

Basta ito — I would say and I would insist, tail end sa administration ko na tama ang ano ko, tama talaga ang ginawa ko. Hindi ako aatras. No apologies, no... Wala ako. Basta ang akin, tama iyong ginawa ko.

At hindi rin ako papayag maski na sibilyan ako. Kung mayroon diyang ano, eh 'di magsumbong ako doon sa pulis na — o sa PDEA — na do something about it kasi mayroong problema. But I would insist on a continuance of the drug war. Hindi ito puwedeng madala itong istorya-istorya nito. Kita mo, huli nang huli ang pulis, hindi naman matatapos because of the money. The money that they would get or earn by doing drugs.

Ang problema nito sabi ko ang Pilipino at saka 'yung mga bata. Kita mo 'yung... Kita mo 'yung isang adik, sabi ng asawa niya, "Droga nang droga 'yung asawa ko." Iyong hinampas 'yung bata sa semento. P***** i**.

Kaya hindi ko... Kaya kayong... Alam mo, ganito 'yan eh. You know that itong sindikato, papasok talaga because you cannot play drugs, import, or sell or distribute shabu without an apparatus o organization. So galing doon sa nag-import, nag-distribute, then naghulog doon sa baba — sa mga basurero. Iyang basurero is 'yang peddlers. You know, you have to be very...

Itong mga abugado, human rights, in a conspiracy, the act of one is the act of all. Pareho ang sentensiya niya. Iyong nag-import pati 'yung nagpabili diyan sa baba, pareho kayo. You are guilty of a simple crime of importation of drugs. Kaya magsabi kayo doon sa baba na ano at sinabi ninyo na iyong mga drug lords, sus... Huwag na ninyong bolahin iyong sarili niyo. Nakikita naman ninyo ang mga mayors pati barangay captains na...

Madidisgrasya talaga kayo. Sinabi ko noon eh sirain mo talaga bayan ko. Hindi ako papayag ng ganoon. Kawawa iyong mga bata na malulong diyan sa... I hope that I said the next administration would be maybe a stronger pressure sa ginawa ko, mas mabuti. Pabalik-balik 'yung droga eh. Hindi talaga maano.

Every time mag-usap kami the “Talk to the People,” there is always a segment of the program where the Secretary of si — sa DILG mag-report because the police organization is under General Año — Secretary Año. So marami talaga tayong law enforcement. So there are always maybe operations that should be made public and one of them is nakikita ninyo. And it would be billions. In terms of money, it's billions of... Ang masira na Pilipino diyan, thousands.

Sabi ko nga ‘yung si Bato na, si Senator Dela Rosa was the PNP chief, ang nangyari kasi nito nag-surrender, en masse. Lahat nag-surrender, puro payat, puro walang... Tapos ‘yung nag-surrender na nakita ng Pilipino was just the occurrence that dito sa Manila area. It did not include or there was no separate maybe program to bring to the attention of the public that ang mga outside of Manila area, sige pa rin, walang — hindi kasali doon sa nakikita ninyo. Iyon by the millions, dito lang sa Greater Manila Area.

O how about the cities and provinces? Wala, hindi kasali pa ‘yun. Kaya ang — kung ikaw o ako kung tatanga-tanga ako na Presidente, papayag lang ako. Sinabi ko naman noon ‘yan sa umpisa pa lang pagkaupo-upo ko, sabi ko, I did not know that I was fighting my own government, mga pulis, Customs, lahat, pati ang nasa gobyerno, lahat. So kung hindi mo ganunin, kung talagang hindi mo boldyakan ‘yung mga y***, they will continue, they will flourish, and they will continue to make the people suffer.

Si Dumama, you have something to say?

USEC. DUMAMA: Yes, sir. Mayroon po akong — napag-utusan po akong mag-ano... Magandang... Assalamualaikum warahmatullahi wabarakatuh.

Magandang gabi po, Mr. President, Mayor, sa ngalan po ng — at saka sa atin pong mga kagalang-galang na miyembro ng Gabinete — sa ngalan po ni Secretary Francisco T. Duque III, sa pagkakataon pong ito ako ay mag-uulat tungkol sa panibagong — pinakabagong updates para sa ating COVID-19 response at iba pong paalala galing sa Department of Health.

[Next slide, please. Sandali lang po.]

So mayroon po tayong — nitong mga nakalipas na Mayo po, May 5 hanggang 11, ngayon, 2022, may nadagdag po tayong 1,053 na bagong kaso o katumbas ng 150 na kaso kada araw. Mas mababa po ito kumpara sa naitalang kaso para sa Abril 28 hanggang Mayo 4 po na 1,348 cases at may 192 daily cases po ang average.

Sa araw na ito, tayo po ay naka — may karagdagang 109 cases lamang po. Sa 1,053 po na karagdagang kaso sa linggong ito, ang datos po ay nasa loob ng light green na box nasa gawing kanan: 437 mula po sa NCR, 139 mula po sa Region IV-A, 113 sa Region III, at ‘yung 364 ho sa natitirang mga rehiyon.

Mayroon pong 14 na naidagdag na severe and critical case sa talaan. Ang current cumulative case fatality rate po natin ay nasa 1.64 lamang po. So nakapagtala rin po tayo ng 2,417 recoveries para sa linggong ito. Sa kabuuan medyo mataas po ‘yung ating pambansang cumulative recovery rate which is 98.27 percent.

Ang atin pong national seven-day moving average positivity rate ay kasalukuyang nasa 1.1 percent po nitong May 10 hanggang May 10 — ah May 4 hanggang May 10. Habang ‘yung atin pong daily RT-PCR testing output ay kasalukuyang nasa 17,005 tests kada araw po.

At panghuli, para sa ating national utilization rates, nasa 15.6 ang ating non-ICU bed utilization rate, habang 15 percent lamang po ang ICU bed utilization rate. So out of 5,038 po na total COVID-19 admissions at the national level, 12.3 percent lamang po ng mga ito ay severe at critical admissions po.

[Next slide, please.]

Ngayon po, sa slide po na ito nakapagtala po tayo sa linggong ito ng 150 average daily cases ayon po sa onset of symptoms. Mas mababa po ito ng 22 percent sa ating average na 192 cases per day noong April 28 hanggang May 4. Sa NCR naman, nakapagtala tayo ng 62 average daily cases ayon sa onset ng symptoms sa linggong ito. Mas mababa po ito ng 20 percent kumpara sa ating average na 78 cases per day noong April 28-May 4.

Muli, ang paalala po ng Department of Health ay habang mababa po ang mga kaso, samantalain po sana natin — ito ng ating mga kababayan. Magpabakuna na po para sa — para sa hindi pa nakatanggap ng primary dose series at magpa-booster rin naman tayo once tayo ay eligible na. Huwag na po tayong maghintay ng panibagong pagtaas ng kaso mga kababayan.

[Next slide, please.]

Well, sa slide na ito, Mr. President-Mayor, nais rin po naming gamitin ang pagkakataon na ito upang pasalamatang ‘yung ating mga healthcare workers. Ang reproduct — I mean ang Republic Act na 10069 o Health Workers Day Act ay idineklara na ang — nagdeklara na ang May 7 ng bawat taon ay Special Working Holiday po upang bigyang pagkilala ang mahalagang papel na ginagampanan ng ating mga healthcare workers sa pagbigay ng serbisyong pangkalusugan sa bawat Pilipino.

Nagpapasalamat po ang Department of Health kasama ang iba pang ahensiya ng gobyerno sa sakripisyo ng bawat healthcare workers sa ating bansa. Napakahalaga rin po ito, Mr. Mayor, President-Mayor, ng isang — ng inyong paglagda sa Republic Act 11712 o ‘yung Public Health Emergency Benefits and Allowances for Healthcare Workers Act na magbibigay ng tamang pagkilala o kompensasyon — at kompensasyon sa ating mga healthcare workers, mahal na Mayor, Mr. President.

[Next slide, please.]

Panghuli po, ipinagdiriwang natin ngayon ‘yung buwan ng Mayo ang Road Safety Month na may temang: “Walk, Bike, Ride for a Healthy Pilipinas!” Ito ay base sa Presidential Proclamation Number 115-A. So layunin din po natin, Mr. President-Mayor, na isulong ang kaligtasan ng mga tao sa kalsada at itaas ang kamalayan ukol dito at sa epekto nito sa kalusugan at sa ekonomiya pati na rin po ‘yung responsableng paggamit ng kalsada.

So binibigyan po natin ng paalala ‘yung ating mga drivers at riders na gawin ang mga sumusunod na mga healthy road habits. One po, ‘yung wear your helmet and buckle up. Magsuot ng helmet para sa mga bikers, seatbelts naman po para sa mga drivers and passengers ng mga sasakyan, at child restraint ‘pag may batang kasama.

Number two, don’t drink and drive. Iwasan po ang pagmamaneho kapag nakainom. Number three, eyes up, don’t text and drive. Ang konsentrasyon natin ay dapat nasa pagmamaneho at kalsada.

Pang-apat po, drive at the proper pace. Alamin ang speed limit sa kalsada. Huli, know the traffic signs and signals. Iwasan po ang aksidente at pagtukoy — at pagsunod na — sa pagtukoy at pagsunod sa tamang road signs and signals po.

Ito ‘yung pinakahuling summary... Sa kabuuan po, Mr. President- Mayor, our Mayor, ang Pilipinas at karamihan sa rehiyon ay nanatiling nasa minimal risk lamang po, habang ang Regions IV-B, V at VIII ay nasa low risk classification.

Ang naitalang bahagyang pagtaas ng mga kaso ay hindi pa nakaaapekto sa healthcare utilization rate po natin ng bansa, maging ang sa mga region at nananatiling nasa low risk po lahat ‘yung ating utilization rate.

Pangalawa po, muli, kami ay walang sawang nananawagan sa mga hindi pa nagpapabakuna at nagpapa-booster na kuhanin na po natin sa lalong madaling panahon. Mababa man ang ating mga kaso, nandito pa rin po ang banta ng COVID-19 at ang malubhang epekto nito lalo na sa mga unvaccinated.

Inuudyok din namin ang mga lokal na pamahalaan na palawigin ang ating COVID-19 vaccination program upang maipaabot natin ito sa lahat ng ating mga kababayan.

Maraming salamat po, Mr. President-Mayor, ‘yun lamang po. Magandang gabi po sa inyong lahat.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat rin sa iyong report, Usec. Dumama.

May tanong lang ako, there are sectors who have raised the possibility na magkakaroon ng surge in the future because of the — the events that transpired, especially during the rallies, during the election time, walang itong — the distancing and everything were practically ignored because in pursuit really of to have an election that is free and that everybody is allowed to talk and listen. Baka nag-aano sila, they are raising the fears that there might be a surge in the future.

Because itong rally makikita mo talagang dikit-dikit. So how do you respond to that — sa nangyari ‘yung election, especially ‘yung distancing?

USEC. DUMAMA: Yes. Totoo po kayo, marami po tayong napapansin ngayon na mukhang nakalimutan na natin ‘yung minimum public health standards, lalong-lalo na ‘yung distancing. Iyon hong masking mukhang maganda ‘yung naging sitwasyon. Pero para po sa Department of Health, tuloy-tuloy pa rin po ‘yung mga surveillance natin para sa kung kaso may umusbong na iba’t ibang variant at magkaroon ng surge, mahal na Pangulo.

Mayroon po tayong mga balita at alam na po siguro ninyo ‘yun na confirmed na po na nakapasok na po ‘yun sa ating bansa ‘yung Omicron subvariant pero kayang-kaya ho natin ‘to pagka tulong-tulong. At lalong-lalo, ang pinakahuling maging mensahe natin po dito ay hinihikayat namin ‘yung — natin lahat na kumpletuhin ‘yung primary series at magpa-booster na po kung eligible.

Alam ho natin na ang bakuna lamang ang makapagbigay sa atin ng proteksiyon sa mga ganitong mga pagkakataon — ah sa mga subvariants ng Omicron at sa mga pag-akyat ng kaso. Tayo rin po ay ano ‘no, magiging vigilant sa pagbantay sa anumang pagkakataon na magkakaroon po tayo ng surge. Lamang po ang ating gobyerno dahil handang-handa po tayong harapin ito kung sakaling magkaroon ng ganoon. Sana po ay hindi naman magkaroon.

PRESIDENT DUTERTE: You know we join you in your narrative doon sa pagpasalamat sa lahat ng — lahat, lahat na who participated in the fight against COVID. So wala naman siguro tayong — except to... We are all excited, eager to hear the report that mayroon ng clear winners and you can set the stage for the eventual tawag nila transfer of power, transition.

So ako rin maligaya rin akong nakapagHINGA na ako kasi mara — problema na marami at maibigay ko na ‘yan sa sunod na presidente. Huwag lang sana... What really can spoil the national life of every country is the one that’s happening now in Ukraine. Medyo... The enormity of the destruction actually is appalling to any person kung manood ka ng — looking at on TV and other medium of — nakita mo ang destruction.

And also, nakita rin natin that sige pa ‘yung away despite the fact that some — the military all over are of — they view that Russia got a bloody nose there sa campaign nila. Iyon lang, magdasal lang tayo na ‘wag sana mag — ‘yung kinatakutan natin na sabi nuclear war. We cannot afford it even if we are just a bystander because even now there is no telling when the increases of gasoline, ang fuel, lahat, will stabilize.

Hindi ko — walang makasabi ngayon, mamahal nang mamahal ‘yan. Sa ayaw ninyo’t sa hindi, hindi natin kontrolado. If you do not want to use the fuel, then if you do not want to pay, we might as well just stop the importation. And if — kung ginawa natin ‘yan, the wheels of governance and everything will stop and the Filipinos will suffer.

We have to import but there is no guarantee, I said, that these increases will stop and everything would stabilize. No one can say with certainty what is — what would be the tomorrow of the situation that we are in right now. Just a sort of a — ‘yung narratives natin, just to keep the people abreast with the developments of the world o anong nangyayari sa mundo natin.

Si ES na lang we will have one meeting, if it's a — if you want an attendance of all the Cabinet members baka may masabi rin sila na gusto nilang — everybody can give his... Pero sa akin ang importante is the law and order. Whatever happens, law and order.

Hindi, hindi ako nagagamit ng peace and order eh. Peace has nothing to do — 'yang importante in a society is — there is peace actually when there is law and order. Order, 'yung magsabi 'yang sa klase, "order". Meaning to say, you now — you begin to stop chatting and you listen to what is being lectured by the teacher to us. Ganoon, 'yan ang order, law tapos order, then we will have peace.

Iyong peace and order, that's a — palagay ko it does not fit into the actual event that we would like to see. Mayroon tayong peace if there's a law and order. Drugs, talagang — of course, hindi ko talaga... Alam mo sa totoo lang, 'yung mga drug lords halos naubos naman 'yun sila, bakit mayroon naman bago?

Iyong lieutenant, siya na naman ang mag-take over. Kung patay na 'yung drug lord, mayroon 'yan, 'yung mga utusan niya 'yun naman ang sa... It's a never ending story itong drugs sa Mexico, transshipment, it's either Philippines ang ginagamit dito towards Asia or Philippines being a transshipment for doon naman sa Mexico.

Hindi na sila masyado nag-ano ng ano ngayon heroin kasi madali mag — you have — ipa-ano mo pa 'yung maki — unless lalaki 'yung makikita doon sa taas na 'yung mga marijuana plantations, hindi man masyado. Ang kanila shabu because it can be cooked even at your own backyard. So America is suffering from that. Makita mo lang — San Francisco, makita mo ang mga tao doon naglalakad parang zombie and yet...

You know, countries who are fighting itong drug problem, tignan muna ninyo. I'd like to — the human rights, tignan ninyong mabuti ang sitwasyon. Sinabi ko sa iyo if you want to destroy a family or if you want to see a family being dysfunctional, 'yan bahugan mo ng droga. Kita mo naman ang ginagawa, putulan 'yung asawa ng ulo, ihampas 'yung bata sa semento, tapos gusto ninyo akong... They would say, "Mayor" o "Mr. President..." "Amen." Huwag na kasi baka 'yang human rights.

Sugal talaga ito. This is really — sinusugal ko talaga 'yung kaluluwa ko dito. Gaganti 'yang mga p***** i***** 'yan eh. Pero sabi ko na that was the deal, stop it. Kagaya ng sinasabi ko sa human rights, lahat, pari pati madre. You want to stop? Then you advise them to drop the gun and drop the drugs, let go of them and tomorrow there will be a very peaceful Philippines. Sigurado 'yan.

Basta bitawan mo na 'yung armas mo for the terrorists. Eh terrorists naman talaga kayo. A terrorist as defined by law. And we have the weapons now particularly an important one is the law that 'yung Terrorism Act. It has passed the scrutiny of the Supreme Court and it's legal and government will pursue the itong mga terrorists — terorista hanggang — until the law catches up with them.

And if they are... Sabi ko nga eh, 'wag na kayong magpa-corny. Maglaban kayo magdala kayo ng baril, makipaglaban kayo sa gobyerno, kung mamatay kayo, human rights. Ano bang — ano bang klaseng...? Sa giyera, walang human rights.

The imponderables of what will happen in a war on the ground, hindi mo maano kung anong mangyari tapos sabihan violation of human rights kung may mamatay. Iyong mga terorista from the academe, they join the different fronts in the Philippines tapos mamatay 'yang — mag-iyak, magsiyagit 'yung nanay, "Ah human rights!" Human rights.

Sabihin man niyo sa mga anak ninyo, kung hindi na nag-aaral 'yan at nawawala na, kung alam ninyo may su — alam mo man kung ang bata ano. If you are a — the parents, alam mo kung ano ang asta ng basta, alam mo na that's — there's something wrong. Maging vocal 'yan or the discontent that they try to...

Of course, we have problems. Wala akong nagsabi na wala tayong problema, this is not heaven. We will have problems, plenty to come in the coming years, maybe hanggang for all time. As long as there is a society and there is the constituency of people, there will always be crime and criminality.

Sabi ko ang problema nito para sa akin, 'yung droga kasi ang — the result — the resultant consequence, they destroy the family, wala, wala talaga, dysfunctional ang Pilipinas. That we cannot allow. I'm sure na itong — we are gathered here, wala ditong isa na magsabi ng... We cannot be a softy dito na treat them with the — walang katapusan.

Ang trabaho sa gobyerno at talaga siguro bago ako mag-alis, matatapos — makatapos lang tayo ng mga — mga tatlo o limang drug lords. Gusto ko patay, ayaw ko ng buhay. Gusto kong makita ang mga drug lords, lumaban kayo 'pag dumating na ang pulis sa ano, I urge you to fight it out. We, I would tell them, my co-workers in government, we have to gamble, we have to fight them. At kung mag-fight man tayo, patayin na lang ninyo, itong mga drogang ito. Ito oh, 76 million. Itong nakita lang ninyo sa araw na 'to.

Well, I hope that — I am not asking for understanding. I might be very clear on this, nagsasalita ako, hindi ako nakikiusap sa inyo na intindihin ninyo ako, kami, o ako na lang, kasi sabi ko I take full responsibility nangyayari diyan sa war on drugs. As long as they do — itong mga the enforcement people, do it in accordance with the law. Two weeks ago, I think, it was two weeks or three weeks ago, may namatay na namang pulis na — itong napa — hulihan, buy-bust gone wrong.

Eh naunahan eh. Kaya — eh sabi ko sa mga pulis, huwag kayong magpauna. Treat every drug whatever armed. Kasi sabi ko talaga noon pa 'yan, may mga pangsaksak 'yan o may baril 'yan, maniwala. Iyan ang kultura ng — the sub-culture of the drug problem is that — or it's the main part of the main problem is that they are always armed with deadly weapons.

Kasi magdala 'yan sila ng mga armas pati baril, for what? Kasi kung magkahulihan o maano sila, they are cornered in one and they would choose to fight it out. Iyan kaya sila nagdadala ng baril.

Kaya mayroon ako — karami akong pulis namatay. Hindi ba — hindi mo ba naano na itong pulis may pamilya, magtrabaho tapos ‘yan maghanap ng mga kriminal kasi inuutusan sila.

Ako sabi — magsabi ako noon, “Halika nga sandali. Iyong area mo —,” sabi ko, “ — ‘yung jurisdictional authority mo diyan sa bandang ano, marami kang droga. Magtrabaho ka. Kung ayaw mong magtrabaho, kung wala kang performance, palitan kita.” So ‘yung pobrang pulis talaga maghanap.

Sabi ko na sa inyo, basta ‘yang mga... Iyong nakita kong isang footage dito, ‘yung nakuha ng video? Na ang pulis may armas, ‘yung adik may kutsilyo, naabutan pa niya ‘yung pulis, napatay pa niya ‘yung pulis. Eh ang pulis kasi nagdadalawang-isip kung babaril ba siya o...

Sabi ko ‘pag nakahawak ‘yan ng lethal weapon, a knife can kill you, mind you. Basta ‘yung may ano, pagkapkapin mo hanggang dito sa hita. ‘Yung iba sa hita na ‘yung ano eh, parang — ‘yung manipis na pangsaksak, dito ‘yan na but — hindi dito sa ano taas, sa pantalon.

Alam ko kasi mayor ako eh. Every accomplishment ng pulis pinupuntahan ko, kino-congratulate ko pa. Kaya itong — sabi patayan, “Itong si Duterte, patayan nang patayan.” Eh talaga, totoo ‘yan. ‘Pag nandiyan pa ‘yang droga, ganoon talaga. Either maghintong ka, I said drop the gun kung NPA ka, drop the drugs, tumalikod ka, umuwi ka sa bahay, so wala tayong problema. Ang human rights, makapaghinga rin, walang pulis mamatay.

Iba itong mga carnapping, mga kidnappers, ah ‘yan. Isa rin ‘yan. ‘Yang mag-rape ng bata tapos patayin o mag-rape ng babae tapos patayin, ah... How do you — ito ngayon sa droga, ‘yung hinampas niya ‘yung anak niya sa semento tapos high siya sa drugs? Problema ‘yan. Because kung magsabi ang doktor na he was out of his mind, then you cannot infer criminal intent. Hindi mo masabi na talagang intensyon, eh sabihin ng — kung ang mga doktor, sabi, wala, wala ‘yan. Sa isip — at the time high siya sa drugs. He was not in his right senses.

And that could be a very valid... Iyan ang — ‘yan ang laro ng droga. ‘Pag magsabi ang doktor na buang ‘yan, wala sa isip ‘yan, puwede pa ma-acquit. Totoo, magtanong kayo ng mga abogado. ‘Pag magsabi ang doktor ng ganoon o may mga mayaman tapos makabayad ng doktor. Iyong mahirap, ah problema ninyo ‘yan ‘pag pumasok kayo.

Iyan ang ano, laro. Iyong milyon dito, sira na ‘yung mga pamilya nila. Iyong sa probinsiya, dysfunctional rin lahat na. Ako ang Presidente ganoon man lang rin ang gawain mo sa bayan ko, ah ‘yan ang — magpatayan tayo. Iyan talaga ang totoo. Huminto kayo. Ewan ko ‘yung susunod sa akin pero I’m sure that the police and the military will not allow it. Hindi ko naman — I am not trying to preempt the next administration pero I’m sure that the military and police, and the PDEA and everybody, would not allow this country to turn over.

Iyan lang ang masasabi. Nag-iisip ako habang ano ‘yung gusto kong — marami akong ikukuwento sa inyo, paalis na nga ako, ma-unload ko ‘yung ano ang nasa loob ko. Pero itong droga is really a concern nasa isip ko palagi.

To the — itong pulis pati military, ito ang guarantee ko sa inyo ha, makinig kayo, ‘pag napasubo kayo, hindi na ako Presidente, but napasubo kayo doing your duty sa trabaho lang, huwag kayong matakot. Kung hindi — kung wala kayong makuhang abugado, ako ang pupunta sa korte para sa inyo. I will — maybe I will not — ang trial is para lang ‘yan sa bata, but I will be there to protect you.

Hindi ako naga-ano. Basta trabaho lang kayo, huwag kayong matakot. ‘Pag nasa — naano kayo tapos you are accused falsely, ganoon eh, file the cases kasi may namatay, tapos nawalaan kayo ng hanapbuhay, paalamin mo lang ako.

— END —